Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region III
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of San Jose del Monte
website: www.depedcsjdm.webs.com / e-mail: deped_csjdm@yahoo.com / telefax: (044) 815-2815

April 29, 2015

DEPED-CITY OF SAN JOSE DEL MONTE
RELEASED
BY: TER
DATE: APR 30 2015
RECORDS 10:05

**Division Letter**
**No. 15 s.2015**

To: **SCHOOL HEADS**

**Sapang Palay NHS**
**Paradise Farms NHS**
**San Jose del Monte HS**
**Muzon HS**
**San Jose del Monte NTS**
**Minuyan ES**
**BBH ES**
**Francisco Homes ES**
**Tungkong Mangga ES**
**Towerville ES**

Please submit not later than 9:00 AM of May 4, 2015 the name of the Araling Panlipunan teacher who can attend the "Eskwela sa Tag-init (EST)" course on May 5-7, 2015 as indicated in the attached indorsement by the Provincial Government of Bulacan to the letter of invitation from the Asosasyon ng mga Dalubhasa, May Hilig, at Interes sa Kasaysayan, Inc..

Expenses incident to this activity shall be charged against the School MOOE subject to the usual accounting and auditing rules and regulations.

**GERMELINA H. PASCUAL**
Schools Division Superintendent

MCPC//jnet25:divisionletter2015

*"Collaborating with our Leaders, Caring for our Learners"*

Republika ng Pilipinas
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos
*********

*Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo*

Abril 24, 2015

DEPARTMENT OF EDUCATION Gmail
RECEIVED 4/29/2015
DIVISION OF CITY OF SAN JOSE DEL MONTE

**GERMELINA H. PASCUAL**
Tagapamanihala ng Paaralang Panlungsod
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Lungsod ng San Jose Del Monte
Lungsod ng San Jose Del Monte, Bulacan

Mahal na **Pascual**:

Mabilis ang panahon, subalit hindi tayo dapat tumatakbo patungo sa hinaharap nang hindi bitbit ang aral ng kasaysayan. Dahil kung magkaganon, tila tumatakbo lamang ang katawan natin na hindi kasama ang ating kaluluwa. Ang kasaysayan ng ating bansa ay nagpapaliwanag ng ating kasalukuyan at siyang maghahatid sa atin sa kinabukasan.

Kaugnay ng batid nating kahalagahan ng kasaysayan sa bawat isa at sa buong bansa, nararapat lamang ang pag-aaral at patuloy na pag-aaral ng Kasaysayan. Dahil dito, higit na malaking pananagutan at responsibilidad ang nakaatang sa balikat ng mga guro sa pagtuturo ng Kasaysayan.

Kaya naman malugod pong ine-endorso ng aming tanggapan ang isang mahalagang paanyaya mula sa Asosasyon Ng Mga Dalubhasa, May Hilig, at Interes sa Kasaysayan, Inc. Ito ay ang "Eskwela sa Tag-init (EST)", isang kursong handog ng ADHIKA sa ilalim ng programa nitong Linangan ng Kasaysayang Bayan. Pangunahing materyal ng kursong ito ay ang aklat na **Kasaysayang Bayan** (publikasyon ng ADHIKA at ng National Historical Institute). Ang pagsasanay na ito ay sadyang para sa mga guro ng Kasaysayan at Araling Panlipunan na ang layunin ay maibahagi ang mga bagong pag-aaral sa Kasaysayan at teknik sa pagtuturo nito. Gaganapin ang nasabing pagsasanay sa ika-5 hanggang ika-7 ng Mayo 2015 sa Padre Pio Colegio de Pulilan, Sto. Cristo, Pulilan, Bulacan. Ito ay may *registration fee* na **P1,000.00** para sa pananghalian, miryenda, kit, sertipiko at ambag para sa ilang gastusin.

Dahil intensibo ang gagawing pagtalakay sa nilalaman at istratehiya ng pagtuturo, lilimitahan ang bilang ng mga kalahok. **Kaugnay nito, inaanyayahan po namin ang 10 guro mula sa inyong dibisyon upang maging kalahok. Mangyari pong isumite sa aming tanggapan ang listahan ng mga gurong dadalo upang maitala ang kanilang mga pangalan sa o bago ika-4 ng Mayo, 2015.** Kalakip po nito ang sipi ng kanilang liham-paanayaya at palatuntunan para sa inyong kaalaman at gabay. Para po sa anumang katanungan, maaaring tumawag kay Prop. Joel S Regala (cp# 0927-463-5818).

Inaasahan po namin ang inyong pagbibigay-pansin sa mahalagang pagsasanay na ito.

Sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno

PHACTO, Gusaling Gat Blas F. Ople, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan
Contact Numbers (63) 44 7949567 / (63) 44 3052023
email address: phacto.bulacan2015@yahoo.com